# Kapag namatay ang tao, napuputol sa kanya ang gawa niya maliban sa tatlo: maliban sa isang kawanggawang nagpapatuloy, o isang kaalamang napakikinabangan, o isang anak na maayos na dumadalangin para sa kanya."}

Ayon kay Abu Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Kapag namatay ang tao, napuputol sa kanya ang gawa niya maliban sa tatlo: maliban sa isang kawanggawang nagpapatuloy, o isang kaalamang napakikinabangan, o isang anak na maayos na dumadalangin para sa kanya."}
[صحيح] [رواه مسلم]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang gawain ng patay ay napuputol sa pagkamatay niya. Kaya naman hindi natatamo para sa kanya ang mga magandang gawa matapos ng kamatayan niya maliban sa tatlong bagay na ito dahil sa pagiging iyon ay naging kadahilanan ng mga ito: A. Ang kawanggawa na nagpapatuloy ang gantimpala nito at namamalagi, na hindi napuputol gaya ng waqf (endowment), pagpapatayo ng mga masjid, paghuhukay ng mga balon, at iba pa rito. B. Ang kaalaman na napakikinabangan ng mga tao, gaya ng pag-aakda ng mga aklat ng kaalamang pang-Islām o gaya ng nagtuturo ng isang tao saka nagsagawa ang taong iyon ng pagpapalaganap ng kaalamang iyon matapos ng kamatayan niya. C. Ang maayos na mananampalatayang anak na dumadalangin para sa mga magulang niya.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/65566